# MARUNGKO BOOKLET

## Gabay sa Pagbasa

Ikatlong Bahagi


# 3

Inihanda ni:
**Teacher Kim Dela Cruz**



# BALIK-TANAW! 

*Isulat ang malaki at maliit na letra ng* ***unang*** *tunog ng mga sumusunod na larawan.*



| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.  | E ___ e ___ | 6.  | ___ ___ |
| 2.   | ___ ___ | 7.  | ___ ___ |
| 3.  | ___ ___ | 8.  | ___ ___ |
| 4.  | ___ ___ | 9.  | ___ ___ |
| 5.  | ___ ___ | 10.  | ___ ___ |




# Y y



| ya | ye | yi | yo | yu |
|---|---|---|---|---|
| yam | yem | yim | yom | yum |
| yas | yes | yis | yos | yus |
| yab | yeb | yib | yob | yub |
| yat | yet | yit | yot | yut |
| yak | yek | yik | yok | yuk |
| yal | yel | yil | yol | yul |
| yay | yey | yiy | yoy | yuy |

| ay | ey | iy | oy | uy |
|---|---|---|---|---|
| may | mey | miy | moy | muy |
| say | sey | siy | soy | suy |
| bay | bey | biy | boy | buy |
| tay | tey | tiy | toy | tuy |
| kay | key | kiy | koy | kuy |
| lay | ley | liy | loy | luy |

| | | |
|---|---|---|
| sa – ya<br>ma – sa – ya | saya<br>Masaya ako. |  |
| la – ya<br>ma – la - ya | laya<br>Malaya siya. |  |
| ye – ma | yema<br>Matamis ang yema. |  |
| ye - lo | yelo<br>Tatlo ang yelo. |  |
| ye - so | yeso<br>Sumulat ang yeso. |  |
| yo – yo | Yoyo<br>Ito ay yoyo ko. |  |
| ta – yo<br>tu – ma – yo<br>tu – ma – ta - yo | tayo<br>tumayo<br>Tumatayo ang lalaki. |  |
| la – yo<br>ma – la - yo | layo<br>Malayo ba? |  |
| ya - mot | Yamot<br>Yamot ako. |  |

| | | |
|---|---|---|
| ka - may | kamay<br>Malambot ang kamay. |  |
| o - koy | okoy<br>Maalat ang okoy. |  |
| ba - boy | baboy<br>Ang baboy ay mataba. |  |
| ka - suy | kasuy<br>Maalat ang kasuy. |  |
| a - moy | amoy<br>Amoy bulaklak. |  |
| sa - bay<br>su - ma - bay | sabay<br>Sumabay siya sa ama. |  |
| ka - la - may | kalamay<br>Matamis ang kalamay. |  |
| ta - tay | tatay<br>Masaya si tatay. |  |
| sa - kay<br>su - ma - kay | sakay<br>Sumakay ako sa bus. |  |

# kay

*Isulat ang titik ng naaayon na larawan.*


__d__1. Kay kuya ang aklat.

____2. Kay ate ang bulaklak.


____3. Ang baso ay kay lola.

____4. Ang yoyo ay kay tatay.

a.




b.



c.



d.



Ako kaya?

Ang maya ay kay lolo.
Ang itik ay kay lola.
Ang baboy ay kay tatay.
Ang biik ay kay mama.
Ang aso ay kay kuya.
Ang bibe ay kay ate.
Ako kaya?
Ay oso! Ayoko!





# Pag-usapan natin ang tula!

1. Ano ang nais magkaroon ng nagsasalita?
    a. laruan
    b. pera
    c. alaga

2. Ilan ang alaga nila sa bahay?
    a. lima
    b. anim
    c. pito

3. Anong hayop ang ayaw niyang alagaan?
    a. aso
    b. oso
    c. usa

4. Ano ang hilig gawin ng kanilang pamilya
    a. gumala sa labas
    b. kumain ng masasarap
    c. mag-alaga ng hayop

5. May alaga ka ba? Iguhit ito sa baba. Kung wala pa, iguhit ang hayop na nais mong alagaan.

# siya

Siya si Kim.
Siya ay makulit.



Siya si Kiko.
Siya ay malakas.



Siya ang lola ko.
Siya si lola Lita.



Siya ay mabilis kumilos.
Siya si tito Miko.



## Si Lola Sita

Kasama ko si Lola Sita.
Siya ay ate ko.
Siya ay tita ko.
Siya ay mama ko.
Siya ang lola ko.
Siya si Lola Sita.
Siya ay mabait.
Siya ay malakas.





# Pag-usapan natin ang tula!

1. Sino ang inilarawan sa tula?
   a. si Lolo Kiko
   b. si Lola Sita
   c. si Ate Lita

2. Sino kaya ang naglalarawan kay Lola Sita?
   a. anak
   b. asawa
   c. apo




3. Ano kaya ang nararamdaman ng nagsasalita para kay Lola Sita?
   a. galit
   b. pagmamahal
   c. pagkamuhi

4. Ano kaya ang ibig sabihin na si Lola Sita ay ate, tita at mama rin niya?
   a. Si Lola Sita lang ang kanyang pamilya
   b. Marami si Lola Sita
   c. May kapangyarihan si Lola Sita

5. Iguhit ang iyong pamilya.

# PAGSASANAY! 

*Piliin ang pantig na kukumpleto sa salita. Isulat ang sagot sa patlang.*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  | 1. ye lo | yi | yo | ye |
|  | 2. sa ______ | ya | yu | yo |
|  | 3. yo ______ | ye | yo | yu |
|  | 4. ka ______ | suy | tay | may |
|  | 5. ka ______ | suy | tay | may |
|  | 6. ba ______ | koy | boy | moy |
|  | 7. a ______ | koy | boy | moy |
|  | 8. o ______ | koy | boy | moy |

# PAGSASANAY! 

*Hanapin ang mga salitang nakalista sa ibaba. Bilugan ang salita katulad ng nasa halimbawa. Ang mga salita ay maaaring pahiga, patayo o pahalang.*


| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| s | b | y | e | s | o | s | k | u |
| u | e | s | k | s | k | y | l | t |
| k | u | l | a | y | l | e | y | a |
| l | t | i | o | i | y | m | m | k |
| a | k | t | a | o | m | a | a | b |
| y | o | o | l | l | a | i | s | a |
| t | l | b | y | b | a | o | i | y |
| m | y | e | s | a | k | l | a | y |
| a | m | u | m | e | u | b | a | l |
| s | e | s | o | u | l | e | o | y |
| i | a | t | a | t | a | u | b | m |
| o | s | i | m | o | y | t | e | a |

| | | |
|---|---|---|
| 1. **totoy** | 4. **saklay** | 7. **yema** |
| 2. **simoy** | 5. **alalay** | 8. **yeso** |
| 3. **akbay** | 6. **suklay** | 9. **kulay** |

# PAGSASANAY!



*Isulat sa patlang ang salitang may tamang baybay na kukumpleto sa pangungusap.*





1. Maamo __ang__ aso.
2. Maasim ang __________ miso.
3. __________ kuya ay mabait.
4. Sasama __________ kay tatay.
5. Si tatay __________ tumayo.
6. Ang baboy __________ ay mataba.
7. Masaya __________ sa labas.
8. Ang aklat ay __________ ate.


# N n



| na | ne | ni | no | nu |
|---|---|---|---|---|
| nam | nem | nim | nom | num |
| nas | nes | nis | nos | nus |
| nab | neb | nib | nob | nub |
| nat | net | nit | not | nut |
| nak | nek | nik | nok | nuk |
| nal | nel | nil | nol | nul |
| nay | ney | niy | noy | nuy |
| nan | nen | nin | non | nun |

| an | en | in | on | un |
|---|---|---|---|---|
| man | men | min | mon | mun |
| san | sen | sin | son | sun |
| ban | ben | bin | bon | bun |
| tan | ten | tin | ton | tun |
| kan | ken | kin | kon | kun |
| lan | len | lin | lon | lun |
| yan | yen | yin | yon | yun |

| | | |
|---|---|---|
| ma – na<br>mi – na - na | Minana ko ito kay lolo. |  |
| bi – na - ta | Binata na siya. |  |
| Ne – ne | Kay Nene ang bulaklak. |  |
| ma – ni | Maalat ang mani. |  |
| Ma – ni – la | Malayo ang Manila. |  |
| a – ni – no | Kita ko ang anino ko. |  |
| ka – in<br>ku – ma -  in | Kumain na kami kanina. |  |
| ba – ya – ni | Siya ay bayani. |   |
| an - tok<br>i – na – an - tok | Inaantok na ako. |  |

| | | |
|---|---|---|
| na – nay | Si nanay ay mabait. |  |
| am – bon<br>u – ma – am - bon | Umaambon na. |  |
| u – lan | Mas malakas ang ulan. |  |
| se – men – to | Tuyo na ang semento. |  |
| li – nis<br>ma – li – nis | Malinis na ito. |  |
| u – nan | Malambot ang unan. |  |
| nu – nal | Malaki ang nunal niya. |  |
| ka – nin | Luto na ang kanin. |  |

# may

*Isulat ang titik ng naaayon na larawan.*


1. May __manika__ si Monika. ( manika, makina )


2. May ____________ si Moniko. ( manika, makina )


3. Si ate ay may ___________ . ( bitbit, niluto)


4. Ang tatay ay may ____________. ( bitbit, niluto)

## Manila




Malayo ang Manila.
May mainit na mga semento.
Siksikan ang mga tao.
Natakot ako.

May mabait na nakilala.
Salamat sa kabaitan.
Masaya na ako muli.
May masaya na ala-ala.





# Pag-usapan natin ang tula!

1. Sa simula, anong naramdaman ng nagsasalita?
    a. saya
    b. lungkot
    c. takot

2. Bakit kaya niya ito naramdaman?
    a. mainit ang mga semento
    b. siksikan ang mga tao
    c. siya ay mag-isa sa malayong lugar

3. Sa huli, anong naramdaman ng nagsasalita?
    a. saya
    b. lungkot
    c. takot



4. Bakit nagbago ang kanyang damdamin?
    a. maganda kasi ang lugar
    b. may nakilala siyang mabait na tao
    c. marami siyang ala-ala

5. Saan mo gustong pumunta? Iguhit ang lugar na nais mong puntahan.

# alin

*Bilugan ang tamang larawang hinihingi.*

Alin ang malambot?

Alin ang may buto?

Alin ang malinis?

Alin ang bulaklak?

Alin ang ibon?

# sino


*Bilugan ang tamang larawang hinihingi.*

Sino ang may aklat?





Sino ang basa?





Sino ang may salamin?





Sino ang masaya?





Sino ang tumatakbo?





# PAGSASANAY! 

*Isulat ang pantig na kukumpleto sa salita. Isulat ang sagot sa patlang.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1  | bina t a | 9  | ta _ _ _ |
| 2  | kala _ _ _ | 10  | na _ _ _ |
| 3  | u _ _ _ | 11  | mala _ _ |
| 4  | ye _ _ | 12  | am _ _ _ |
| 5  | semen _ _ | 13  | ye _ _ |
| 6  | mala _ _ | 14  | li _ _ _ |
| 7   | baya _ _ | 15  | ta _ _ |
| 8  | bi _ _ _ | 16  | ka _ _ _ |


# G g



| ga | ge | gi | go | gu |
|---|---|---|---|---|
| gam | gem | gim | gom | gum |
| gas | ges | gis | gos | gus |
| gab | geb | gib | gob | gub |
| gat | get | git | got | gut |
| gak | gek | gik | gok | guk |
| gal | gel | gil | gol | gul |
| gay | gey | giy | goy | guy |
| gan | gen | gin | gon | gun |
| gag | geg | gig | gog | gug |


| ag | eg | ig | og | ug |
|---|---|---|---|---|
| mag | meg | mig | mog | mug |
| sag | seg | sig | sog | sug |
| bag | beg | big | bog | bug |
| tag | teg | tig | tog | tug |
| kag | keg | kig | kog | kug |
| lag | leg | lig | log | lug |
| yag | yeg | yig | yog | yug |
| nag | neg | nig | nog | nug |


| | | |
|---|---|---|
| ga - bi | Ay! Gabi na! |  |
| ga - tas | Matamis ang gatas. |  |
| a – gi - la | Malaya ang mga agila. |  |
| gi – sa<br>gi – ni - sa | Ginisa ang ulam. |  |
| sa - go | May sago ang inumin. |  |
| li – go<br>na – li - go | Naligo ako kanina. |  |
| gu – sa - li | Matataas ang mga gusali. |  |
| gu – ya – ba - no | Guyabano ang binili ko. |  |
| gu – tom<br>na – gu - tom | Nagutom si tatay. |  |

| | | |
|---|---|---|
| ga – gam - ba | Takot ako sa gagamba. |  |
| git - na | Itim ang nasa gitna. |  |
| gas – tos<br>ma – gas - tos | Magastos si ate. |  |
| tu - big | Tubig ang ininom ko. |  |
| bi – gat<br>ma – bi - gat | Mabigat ang galon. |  |
| ba – gal<br>ma - ba - gal | Mabagal siya kumilos. |  |
| gin - to | Kay nanay ang mga ginto. |  |
| sig – la<br>ma – sig - la | Masigla ang mga bata. |  |
| ka – i – bi - gan | Kaibigan kita. |  |

# ng


*Lagyan ng ✓ ang naaayong larawan.*

| Bumili siya ng gamot. | | Gata ng niyog. | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |

| Nagluto ng gulay. | | Lumabas ng gubat. | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |

# sana

## Gusto ko!



Gusto ko sana ng manika.
Gusto ko sana ng  malamig na gulaman.
Gusto ko sana ng bago na gamit.

Gutom na si tatay.
Gusto niya ng makakain.
Bumili ako ng kanin.
Bumili ako ng ulam.
Binigay ko kay tatay.

Masaya ako.
Masaya kasi si tatay.



# Pag-usapan natin ang tula!

1. Ano ang gustong bilhin ng bata?

manika_________, _______________, _______________

2. Ano ang binili niya?
   a. laruan at damit
   b. kanin at ulam
   c. lapis at papel

3. Bakit niya binili ang mga ito?
   a. iyon kasi ang gusto niya
   b. iyon kasi ang gusto ng tatay niya
   c. iyon kasi ang gusto ng nanay niya

4. Naging masaya ba siya sa binili niya? Bakit?
   a. oo, kasi naging masaya ang tatay niya
   b. oo, kasi nakakain rin siya.
   c. oo, kasi nakatipid siya.



5. Kung ikaw ang may pera, ano ang bibilhin mo? Bakit? Iguhit ito sa baba.

# bakit, kasi


Bakit ka galit?
Gutom kasi ako.
Bakit mo ako isinama?
Masaya ka kasi kasama.
Bakit tayo lumabas?
Gusto ko kasi gumala.
Bakit ka nagbabasa?
Gusto ko kasi matuto.

# PAGSASANAY! 

*Punan ang kahon ng pantig na naaayon sa larawan.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| bi<br>la<br>ta | 1 <br>t a gas | 2 <br>_ _ gas | 3 <br>_ _ gas |
| ba<br>ta<br>su | 4 <br>_ _ gal | 5 <br>_ _ gal | 6 <br>_ _ gal |
| sig<br>big<br>ta | 7 <br>_ _ _ la | 8 <br>_ _ _ la | 9 <br>_ _ la |
| sa<br>li<br>ba | 10 <br>_ _ go | 11 <br>_ _ go | 12 <br>_ _ go |
| lat<br>tom<br>lay | 13 <br>gu _ _ _ | 14 <br>gu _ _ _ | 15 <br>gu _ _ _ |
| tas<br>mot<br>los | 16 <br>ga _ _ _ | 17 <br>ga _ _ _ | 18 <br>ga _ _ _ |

# PAGSASANAY! 

*Ayusin ang mga pantig upang mabuo ang salitang angkop sa larawan.*



| | | |
|---|---|---|
| 1  | bi ga | gabi |
| 2  | gi a la | |
| 3  | gu tom | |
| 4  | sa ni gi | |
| 5  | gu li sa | |
| 6  | big tu | |
| 7  | to gin | |


# R r




| ra | re | ri | ro | ru |
|---|---|---|---|---|
| ram | rem | rim | rom | rum |
| ras | res | ris | ros | rus |
| rab | reb | rib | rob | rub |
| rat | ret | rit | rot | rut |
| rak | rek | rik | rok | ruk |
| ral | rel | ril | rol | rul |
| ray | rey | riy | roy | ruy |
| ran | ren | rin | ron | run |
| rag | reg | rig | rog | rug |
| rar | rer | rir | ror | rur |

| ar | er | ir | or | ur |
|---|---|---|---|---|
| mar | mer | mir | mor | mur |
| sar | ser | sir | sor | sur |
| bar | ber | bir | bor | bur |
| tar | ter | tir | tor | tur |
| kar | ker | kir | kor | kur |
| lar | ler | lir | lor | lur |
| yar | yer | yir | yor | yur |
| nar | ner | nir | nor | nur |
| gar | ger | gir | gor | gur |

| | | |
|---|---|---|
| gi – ta - ra | Malakas ang tunog ng<br>gitara. |  |
| ba – su - ra | Ilabas mo ang basura. |  |
| re – ga - lo | Salamat sa regalo mo. |  |
| re – ta - so | Kulay itim ang retaso. |  |
| la – ga - ri | Matalas ang lagari ni tatay. |  |
| sa – ri – sa - ri | Sari – sari ang mabibili. |  |
| la – ro<br>nag – la - ro | Naglaro kami ni kuya. |  |
| ro - sas | Kulay rosas ang suot niya. |  |
| la – ru - an | Bago ang laruan niya. |  |

| | | |
|---|---|---|
| rey - na | Siya ang reyna ng bansa. |  |
| rel – ye - no | Ang ulam ay relyeno. |  |
| ram – bu - tan | Makatas ang rambutan. |  |
| bar - ya | Nagbigay si tatay ng barya. |  |
| lu - gar | Malinis ang lugar. |  |
| bar - ko | Sumakay na siya ng barko. |  |
| ru - rok | Mataas ang rurok ng gusali. |  |
| a - ray | Aray! Masakit! |  |
| a – ral<br>nag – a - ral | Nag-aral ako ng mabuti. |  |

# at

| masama at mabuti | mabigat at magaan |
| --- | --- |
|  |  |
| mabilis at mabagal | tuyo at basa |
|  |  |

## Ang Regalo Kay Nanay



Matagal ng gusto ni nanay bumili ng relo.
Ang nais niya na kulay ay rosas.

Bumili siya ng bigas.
At ng aklat ko.
At ng manika ni ate.
At ng laruan ni bunso.

Nasaan ang relo na gusto ni nanay?

Bumili kami nina ate at bunso.
Binili si nanay ng relo na rosas.
Ang relo na gusto niya.





# Pag-usapan natin ang tula!

1. Ano ang nais bilhin ni nanay?
   a. bigas
   b. damit
   c. relo

2. Bakit hindi binibili ni nanay ang gusto niya?
   a. dahil wala siyang pera
   b. dahil inuuna niya ang gusto ng pamilya
   c. dahil nagtitipid siya

3. Paano nagkaroon ng relong rosas si nanay?
   a. binili siya ng mga anak niya
   b. niregaluhan siya ng kaibigan niya
   c. nag-ipon siya at bumili


4. Bakit kaya ito ginawa ng mga anak niya?
   a. dahil kawawa naman si nanay
   b. dahil mahal nila si nanay
   c. dahil kaarawan niya

5. Mag-isip ng isang kapamilya na nais mong bigyan ng regalo. Iguhit sa ibaba kung ano ibibigay mo sa kanya.

# PAGSASANAY! 

*Piliin ang mga titik na bubuo sa mga salita. Isulat ang sagot sa patlang.*

l r


| | |
|---|---|
| 1  | sa_r_i_l_i |
| 2  | _a_o |
| 3  | _ega_o |
| 4  | _aga_i |
| 5  | _i_es |
| 6  | _e_o |
| 7  | _a_uan |
| 8  | _it_ato |

# PAGSASANAY!



*Piliin ang mga salitang angkop sa bawat larawan. Isulat ang sagot sa patlang.*

relo, guyabano, barko, gitara, tubig, lagari, ginto, gitna, reyna, rambutan, regalo, aral, agila, gagamba

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1  | reyna | 7  | |
| 2  | | 8  | |
| 3  | | 9  | |
| 4  | | 10  | |
| 5  | | 11  | |
| 6  | | 12  | |

# PAGSASANAY!

*Iguhit sa loob ng kahon ang mga regalong nais mong matanggap sa iyong kaarawan.*







# P p



| pa | pe | pi | po | pu |
|---|---|---|---|---|
| pam | pem | pim | pom | pum |
| pas | pes | pis | pos | pus |
| pab | peb | pib | pob | pub |
| pat | pet | pit | pot | put |
| pak | pek | pik | pok | puk |
| pal | pel | pil | pol | pul |
| pay | pey | piy | poy | puy |
| pan | pen | pin | pon | pun |
| pag | peg | pig | pog | pug |
| par | per | pir | por | pur |
| pap | pep | pip | pop | pup |

| ap | ep | ip | op | up |
|---|---|---|---|---|
| map | mep | mip | mop | mup |
| sap | sep | sip | sop | sup |
| bap | bep | bip | bop | bup |
| tap | tep | tip | top | tup |
| kap | kep | kip | kop | kup |
| lap | lep | lip | lop | lup |
| yap | yep | yip | yop | yup |
| nap | nep | nip | nop | nup |
| gap | gep | gip | gop | gup |
| rap | rep | rip | rop | rup |

| | | |
|---|---|---|
| pa – la - ka | Tumalon ang palaka. |  |
| ka – la – pa - ti | Ang kalapati ay malaya. |  |
| pe - ra | Ubos na ang pera ko. |  |
| pi - ko | Masaya maglaro ng piko. |  |
| pi – ta - ka | Ano ang laman ng pitaka? |  |
| ka – pi – ra - so | Kapiraso ang binigay ko. |  |
| pu - so | Maligaya ang mga puso. |  |
| pila<br>pu – mi – la | Pumila lagi ng tama. |  |
| Pu – tok<br>Pu – mu - tok | Pumutok ang bulkan. |  |

| | | |
|---|---|---|
| ma - la - pit | Malapit ako kay Pina. |  |
| ma - sa - rap | Masarap ang ulam. |  |
| si - kip<br>ma - si - kip | Masikip ang suot ko. |  |
| pin - to | Buksan mo ang pinto. |  |
| pun - ta<br>pu - mun - ta | Pumunta siya sa malayo. |  |
| pis - ta | Masaya ang pista. |  |
| sa - pot | Marami ang sapot ng gagamba |  |
| Pas - ko | Malapit na ang Pasko. |  |
| puk - pok<br>pi - nuk - pok | Pinukpok ang pako. |  |

# ano

*Bilugan ang tamang larawan.*

| Ano ang matamis? | | Ano ang masarap? | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |
| Ano ang puno? | | Ano ang mapait? | |
|  |  |  |  |

## Ang mga Kulay



Ano ang kulay ng tubig sa ilog?
Asul. Kay linis.


Ano ang kulay ng mga ulap?
Puti. Gaya ng mga bulak.

Ano ang kulay ng puso?
Pula. Puno ng pag-ibig.

Ano ang kulay ng sapatos ni tatay?
Itim. Gamit niya palagi.

Ano ang kulay ng labi ni nanay?
Rosas. Palagi na masaya.





# Pag-usapan natin ang tula!

1. Tungkol saan ang tula?
   a. bahaghari
   b. kulay
   c. ulap

2. Anong bagay inihalintulad ang mga ulap?
   a. damit
   b. unan
   c. bulak

3. Ano ang ibig sabihin ng palaging masaya ang labi ni nanay?
   a. palagi siyang nakangiti
   b. palagi siyang nagpapatawa
   c. mapula ang labi niya

4. Ano ang paboritong mong kulay? Isulat sa patlang.

   ________________

5. Ano ang mga makukulay na bagay na nakikita mo sa paligid mo? Iguhit ang mga ito sa ibaba.

# PAGSASANAY! 

*Basahin ang mga salita mula simula hanggang wakas. Kulayan ang bawat salitang mababasa.*



**Simula**

pa

upo

apoy

puto

sarap

otap

Pasko

apir

sipsip

panatag

masipag

pintuan

pumirma







**Wakas**

# PAGSASANAY! 

*Piliin ang mga titik na bubuo sa mga salita. Isulat ang sagot sa patlang.*




p b

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  | bula | 1 | pula |  |
|  | u_o | 2 | u_o |  |
|  | _uto | 3 | _uto |  |
|  | a_o | 4 | a_o |  |
|  | _ili | 5 | _ili |  |
|  | la_is | 6 | la_is |  |
|  | _uti | 7 | _uti |  |
|  | _antay | 8 | _antay |  |

# PAGSASANAY! 

*Punan ng tamang titik ang mga patlang upang makumpleto ang mga salita.*




| | |
|---|---|
| 1  b a b o _ | 6  _ u s a l i |
| 2  y o _ o | 7  l a g a _ i |
| 3  k a _ i n | 8  u l a _ |
| 4  t u b i _ | 9  _ i t a k a |
| 5  _ i n t o | 10  g i t a _ a |